## Ang Pagtulong

**(Joshua 9-10)**




Ang lupang pangako ng Diyos sa bayang Israel ay unti-unting sinakop ng mga Israelita sa pangunguna ni Joshua. Ang tagumpay ng Israel ay nabalitaan ng mga kalapit at malalayong mga lungsod at bayan.

Nang mabalitaan ng mga taga-Gibeon ang ginawa ni Joshua sa Jerico at Ai, nag-isip sila ng paraan upang lokohin si Joshua. Lumakad ang ilang tao papunta sa kampo ng mga Israelita sa Gilgal. Nang makarating sa kampo, pinuntahan nila si Joshua na noong panahong iyon ay kasama ang mga pinuno ng Israel.

Sinabi ng mga tao na sila ay mula sa malayong lupain. Sila ay naroon upang hilingin sa kanila na gumawa sila ng kasunduan na hindi nila gagalawin ang mga mamamayan nila.

Sa simula ay nag-alangan ang mga pinuno ng Israel sapagkat alam nila na hindi sila maaaring makipagkasundo sa mga taong taga-roon. Nagmakaawa sila kay Joshua at sinabing handa silang maglingkod sa kanila.

Sinabi nila na sila ay mula sa napakalayong lugar. Nakarating sa kanila ang balita tungkol sa ginawa ng Panginoon nilang Diyos sa Egipto. Nalaman din nila ang ginawa sa mga hari ng ibang bayan na kanilang sinakop. Kaya sinugo sila ng kanilang mga taga-pamahala at kababayan upang makipagkasundo sa kanila.

Naniwala at tinanggap ng mga pinuno ang sinabi nila sapagkat nakita nila ang kanilang mga gamit at tinapay na matigas at durog-durog na.

Nakipagkasundo si Joshua sa kanila at nanumpa ang mga pinuno ng mga kapulungan ng Israel sa kasunduang ito. Hindi sila nagtanong sa Diyos.

Hindi nagtagal ay napagalaman ni Joshua sa pamamagitan ng mga Israelita, na nagsinungaling ang mga taga-Gibeon sa kanila. Siya at ang mga pinuno ng Israel ay wala ng magawa kundi igalang ang kanilang napagkasunduan.

Ang mga taga-Gibeon ay nanirahang kasama ng mga Israelita bilang mga taga-pangahoy at taga igib nila sa altar ng Diyos.

Napag-alaman ni Adonizedec hari ng Jerusalem ang pakikipagkasundo na ginawa ng mga taga-Gibeon kila Joshua. Hindi rin lingid sa kanyang kaalaman ang tagumpay ni Joshua sa pagsakop sa Ai. Labis niya itong ikinabahala maging ng mga taga-Jerusalem sapagkat ang Gibeon ay higit na malaki sa Ai at magigiting ang mga mandirigma nito. Humingi si Haring Adonizedec ng tulong sa ibang mga hari sa Amoreo at sila'y nagkaisa na salakayin ang Gibeon. Pinaligiran at sinalakay nila ang lungsod ng Gibeon.

Nakarating kay Joshua ang ginawa ng mga hari pati na rin ang paghingi ng saklolo ng mga taga-Gibeon. Kasama ang kanyang hukbo pati ang magigiting niyang mandirigma, naglakbay sila Joshua upang salakayin ang mga Amoreo. Walang kamalay-malay ang mga kalaban nang nilusob sila ng mga Israelita. Nagulat at natakot ang mga Amoreo nang makita sila. Pilit na tumakas ang mga kalaban ngunit pinaulanan sila ng Diyos ng malalaking tipak ng yelo buhat sa langit. Marami sa mga Amoreo ang namatay habang ang iba ay nakatakas at nakabalik sa kanilang lungsod.

Muling pinagtagumpay ng Diyos ang Israel. Nakasama ang mga taga-Gibeon sa pagpapalang ipinagkakaloob ng Diyos sa Kanyang bayan. Patuloy na pinatnubayan ng Diyos si Joshua hanggang masakop nila ang mga lupaing ipinangako ng Diyos sa kanilang mga ninuno.

Ang pagpapala ng Diyos ay walang hangganan.

Nakatanggap ng extended na pagpapala ang mga taga-Gibeon bunga ng takot nila sa Diyos. Nakipagkasundo sila sa Israel na siyang dahilan kung bakit hindi sila pinabayaan ni Joshua nang sila ay tinangkang sakupin ng mga hari ng Amoreo.

